Ang tagapaglantad ng Qur'ān ay gaya ng tagapaglantad ng kawanggawa at ang tagapaglihim ng Qur'ān ay gaya ng tagapaglihim ng kawanggawa."}

Ayon kay `Uqbah bin `Àmir Al-Juhanīy (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Ang tagapaglantad ng Qur'ān ay gaya ng tagapaglantad ng kawanggawa at ang tagapaglihim ng Qur'ān ay gaya ng tagapaglihim ng kawanggawa."}

[Tumpak] [Nagsalaysay nito sina Imām Abū Dāwud, Imām At-Tirmidhīy, at Imām An-Nasā'īy]

Naglinaw ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na ang tagapaghayag ng pagbigkas ng Qur'ān ay gaya ng tagapaghayag ng pagbibigay ng kawanggawa at ang tagapagkubli ng pagbigkas ng Qur'ān ay gaya ng tagapagkubli ng pagbibigay ng kawanggawa.

http://sunnah.global/hadeeth/tl/show/65055